# 1

It started with a heartbreak.

After four years of battling cancer, isinuko na ng lolo ni Wish ang laban.

Hindi naging madali para sa kanilang dalawa ang huling apat na taon. Kinailangan niyang huminto sa pag-aaral para maalagaan si Lolo Alfred, pero kinailangan din niyang magtrabaho para may pandagdag sa pambili ng gamot at pang-araw-araw na gastusin. It had been three years of that, hardship after hardship, heartbreak after heartbreak, time marching forward to the inevitable conclusion which was his grandfather's passing.

He hated himself a bit because behind

the pain and grief, there had also been relief. Tapos na ang paghihirap ni Lolo Alfred, and in turn, tapos na rin ang paghihirap ni Wish. Halos lamunin siya ng konsyensya niya nang una niya iyong maisip matapos madamang nalagutan na ng hininga ang lolo niya.

Ang sumunod ay ilang araw na dumaan na parang panaginip: ospital, funeral home, government offices para kumuha ng katibayang nagwakas na ang isang buhay, mga kamag-anak at kakilalang malungkot ang ekspresyon sa mga mukha pero bihira o noon lang nakita ni Wish (*Nasaan kayo n'ung buhay pa si Lolo?*), ilang araw na burol, walang humpay na kape at biskwit, isang huling paalam sa crematorium, at sa wakas, ay sa columbarium kung saan inilagak ni Wish ang urn ng lolo niya sa tabi ng urn ni Lola Connie at ng mga magulang niya.

Kung may magtanong sa kanya, hindi niya masasabi kung ano ang mga nangyari nang mga araw na iyon. He had existed in a limbo between grief and fatigue, and that was that.

Naupo si Wish sa bangko sa tapat ng huling hantungan ng lahat ng mga mahal niya sa buhay.

Namatay ang mga magulang niya sa isang aksidente noong three years old siya. Namatay sa sakit sa puso ang lola niya noong sampung taong gulang naman siya. Ang lolo niya na

nagpalaki sa kanya; ito ang nag-iisa niyang pamilya, ang best friend, idol at hero niya, he was now gone too.

For the first time in Wish's life, he felt truly, absolutely, alone.

Sa ikaapat na araw matapos pumanaw ni Lolo Alfred, pakiramdam ni Wish ay handa na siyang kumilos. Ibinukas niya ang mga bintana ng bahay. Naglaba siya, nagdilig ng mga halaman na hindi niya sigurado kung maisasalba pa, nagtapon ng mga laman ng refrigerator na hindi na niya makilala dahil sa tagal nang naka-stock ng mga iyon doon, at naglinis ng mga silid. It took him three more days before he had managed to go into his grandfather's room again.

Noong nalaman ni Lolo Alfred na may cancer ito, sinimulan na nitong magbawas ng mga gamit.

Sinimangutan niya ito noon at sinabihan na huwag magsalita nang ganoon. Lalabanan nila ang cancer nito at mananalo sila, at magpa-party sila at maghahanap ng kani-kanilang mga girlfriends sa ninetieth birthday nito.

Pero siyempre, hindi lahat ng gusto ng isang tao ay nakukuha nito. Cancer ang nanalo. And

Wish stood at the doorway of an almost barren room with very little of his grandfather's last remaining belongings.

Mga damit na lang ang naiwan na gamit ni Lolo Alfred. Inilagay ni Wish ang mga iyon sa isang kahon para i-donate.

Binuksan niya ang mga drawer ng side table ni Lolo Alfred. Nasa drawer nito ang ilang librong binili ni Wish para rito. Naroon din ang isang maliit na kahon ng mga larawan. Family pictures, wedding pictures, mga larawan ni Wish noong bata pa siya, mga larawan ng mga magulang niya.

His parents were strangers to him to be honest. Sa isang larawan, karga siya ng mama niya at yakap sila ng papa niya, pero hindi niya talaga kilala ang mga ito. Kahit sa isip niya, kung may maalala man siya mula noong three years old siya, ang naaalala lang niya ay mga emosyon pero hindi ang mga magulang niya.

Ibinalik niya sa kahon ang mga larawan at ibinaba ang kahon sa kama para ipagpatuloy ang pag-aayos ng mga laman ng drawer. Nakita niya ang wedding rings ng lolo at lola niya, at ng mga magulang niya.

Sa pinakailalim ng drawer ay dalawang sobre. Ang laman ng isa ay kopya ng last will and testament ng lolo niya. Nabasa naman na ni Wish ang ilang bahagi niyon noong

magkausap sila ni Ninong Pete, ang abogado nila. Sinabi nito sa kanya na may iniwang pera ang lolo niya para kapag wala na ito, may pangsimula raw siya ng 'buhay na gusto talaga niya.' Binanggit din ni Ninong Pete na may lumapit ditong isang dating kaibigan ng lolo niya mula noong kolehiyo na gustong tumulong sa kanya. Willing daw si Gov. Leonard Hermedilla na gawin siyang scholar nito kapag handa na siyang bumalik sa pag-aaral. Inilagay lang ni Wish ang calling card nito sa wallet niya. Medyo impressed siya na may kaibigan palang bigatin si Lolo Alfred, pero sa picture lang niya kilala ang lalaki. Magbabasa muna siya tungkol sa track record nito bilang politiko bago siya lumapit dito.

Nakapangalan sa kanya ang ikalawang sobre. Hindi pa man niya iyon nabubuksan, humapdi na agad ang mga mata ni Wish at nagsimula na siyang suminghot.

Binuksan niya ang sobre at inihanda ang sarili para basahin ang huling mensahe ng lolo niya para sa kanya.

Pero kung anuman ang inasahan ni Wish na mabasa niya, hindi iyon ang laman ng sulat ni Lolo Alfred.

Sa bawat salita, sa bawat linya, natuyo ang luha ni Wish at unti-unting napaawang ang mga labi niya. It wasn't a farewell letter; it

was a confession. And it was the plea of a dying man for Wish to help atone for his mistakes.

Ilang beses niyang binasa ang sulat pero hindi pa rin siya makapaniwala sa laman niyon. Kuwentong barbero lang ito, di ba? Joke lang? O kaya baka nabasa ng lolo niya sa mga paborito nitong detective stories? Kasi kung totoo ito, magbabago ang pagkakakilala ni Wish sa lolo niyang minahal, iginalang, at inidolo niya nang buo niyang buhay.

Hindi alam ni Wish kung gaano katagal siyang nakaupo sa kama at nakatingin lang sa sulat. Madilim na nang matauhan siya. Noon siya tumayo at parang lasing na susuray-suray na naglakad palabas ng silid.

Kailangan niyang magplano.

# 2

"Kita mo 'yung lalaking 'yun?" tanong ni Iking kay Dela Vega habang tumatango sa direksyon ng isang lalaking bumaba sa taxi. Kapwa sila nakatambay sa guardhouse sa gates ng *Mansion*, ang summer residence ng Pangulo ng Pilipinas, hinihintay na magtapos ang shift nila.

Lumingon si Dela Vega. "Sino?"

Muli siyang tumango sa direksyon ng lalaki. "'Yung lalaking nakaitim na jacket."

Naniningkit na tiningnan siya ng katabi. "Anim silang nakaitim na jacket, Iking."

Pumalatak siya. "'Yung matangkad na singkit na naka-cap."

Muling lumingon si Dela Vega para kilatisin ang mga bisitang di-magkamayaw sa pagkuha ng selfies at groufies sa harapan ng gate. “Okay. Kita ko na. Bakit nga?”

“Tatlong araw na ’yang pabalik-balik dito,” ani Iking na sinusundan ng tingin ang lalaking naglalakad palapit sa gate.

“Eh di lapitan mo na. Hingin mo na ’yung phone number.”

Tinuktukan ito ni Iking. “Ul*l. Hindi. Tatlong araw na kasi ’yang pabalik-balik, pero ni minsan hindi siya kumuha ng picture. Nakatingin lang sa gate o sa grounds, pero hindi siya naglalabas ng telepono o ng camera.”

“Akalain mo, totoo palang may mga tao na gusto lang mamasyal at magmuni-muni kaysa mag-selfie.”

Si Dela Vega naman ang pinanlakihan ni Iking ng butas ng ilong. Bumuga siya ng hangin at inayos sa balikat ang strap ng dala niyang rifle, bago tumayo.

“O, saan ka pupunta?” habol ng kaibigan.

“Hihingin ko ’yung number niya, buwiset ka.”

Patago niyang tinapunan ng middle finger ang humahagikgik na walanghiya bago lumabas ng guardhouse. Hindi niya pinansin ang desperadong tingin ni Tan na nanghihingi ng saklolo. Sa halip, nilampasan

niya ang kaibigan at ang bago nitong fans, at dumiretso siya sa lalaking ilang araw na niyang napapansin.

Likas na observant at curious si Iking... Okay, sige, aaminin na niya, likas siyang may pagkachismoso. Sa ngayon, interesado siya sa bisita. Regular na turista lang ba ito? O pinag-aaralan nito ang mga gate at mga pader ng *Mansion* para hanapan ng kahinaan para mapasok ito? Mine-memorize ba nito ang rotation ng mga guard sa gates? Ang mga rumoronda? Kung may kahinaan ba sa security nila? Ano ba? Ano ba ang kuwento nito?

"Good morning, Sir."

Napalundag sa gulat si 'Sir.' Napabaling ito kay Iking nang namimilog ang singkit na mga mata. Binigyan niya ito ng pinaka-friendly at pinaka-harmless niyang ngiti. Marami kasing nagsasabi kay Iking na sa itsura, tangkad, uniporme, at dala niyang mga baril, eh medyo intimidating siya kung hindi siya kilala ng isang tao. Iyon daw ay hanggang sa ngumiti siya. Kapag ganoon, nagmumukha daw kasi siyang batang naka-costume lang ng sundalo sa Halloween kaya hindi na siya nakakatakot. Hindi pa rin niya sigurado kung matutuwa siya sa paglalarawan na iyon.

Kinuha ni Iking ang pagkakataon na hindi

makapapagsalita ang lalaki para ilista sa isip ang pisikal nitong anyo at nang mailarawan niya kung sakaling maging suspect ito kung may mangyaring krimen malapit sa *Mansion*.

Matangkad pero mas maliit nang kaunti kay Iking so mga nasa 5’11”, about 160 to 170 lbs., unat na itim ang buhok na may bangs na halos tumabing sa isa nitong singkit na mata (na sa tsimoso—observant!—na pag-uusisa ni Iking ay malungkot). Matangos ang ilong nito, and he had full, pouty lips on a face that seemed delicate, pero siguro dahil lang sa aura ng lalaki na parang may mabigat na dinadala.

“Ah, good morning po,” magalang nitong sagot kahit pa mukhang nagtataka kung bakit ito nilapitan ni Iking.

Sumenyas siya sa direksyon ng driveway at front lawn sa kabila ng gate. “Puwede pong pumasok, Sir,” aya niya na hindi inaalis ang friendly niyang ngiti. “Gusto n’yong pa-picture?”

Kumunot ang noo ng lalaki. “Ah… sa inyo… Sir?” naguguluhan nitong tanong.

Pati si Iking eh medyo nalito bago niya naintindihan ang tinatanong ng lalaki. “Ay, hindi po! Ibig ko pong sabihin eh kung gusto n’yong kuhanan ko kayo ng picture sa harapan ng lawn!” Tumawa siya. “Pero kung gusto n’yo ring pa-picture sa ’kin, puwede rin naman po.

Mura lang ang bayad."

"May... bayad po?" muli nitong tanong.

Ay, parang di benta ang jokes ni Iking dito, ah. O baka naman bagong gising at wala pang kape kaya medyo hindi pa gumagana ang utak?

Sumenyas siya sa driveway at nagsimulang maglakad. Siguro pinalaki talagang magalang ang lalaki—o mabilis mauto—dahil sumunod naman ito sa kanya. Dumaan sila sa maliit na gate papasok ng compound at iginiya niya ito palapit sa mga halaman na nakalinya sa pagitan ng driveway at ng front lawn.

"Uh, hindi po kasi ako mahilig magpa-picture," anito kahit pa kinuha na nito ang telepono mula sa bulsa at hinawakan iyon na para bang hindi nito alam ang susunod na gagawin.

"Ah, eh okay lang po," sabi ni Iking na ikinukumpas ang isang kamay. "Kahit kumuha lang naman kayo ng picture ng scenery." Pinanood niyang buksan ng lalaki ang camera app nito at kumuha ng ilang mga larawan kahit pa mukhang napilitan lang.

Patago itong pinanood ni Iking. Okay, so magalang, hindi masyadong friendly, pero hindi pa sigurado ni Iking kung introvert lang ito o talagang suplado. Base sa body language, hindi naman ito mukhang bigla na lang

huhugot ng baril o maghahagis ng granada. Hindi ito mukhang miyembro ng terrorist group at hindi rin mukhang akyat-bahay na naghahanap ng weakness sa seguridad ng nanakawan nito. So bakit kaya araw-araw itong nasa *Mansion*?

"'Pansin ko kasi, Sir, madalas kayong bumisita dito," sabi niya na hindi inaalis ang masayahing ngiti. Madali lang iyon sa kanya dahil kabaliktaran siya ni Sir Mukhang Suplado. Natural na smiling face si Iking. "May espesyal na interes po ba kayo dito sa *Mansion*?"

Mabilis na bumalik sa kanya ang paningin ng lalaki. Namimilog na naman ang mga mata nito at nagsimulang pautal-utal na tumanggi habang mabilis na umiiling.

*Huli ka.*

"Ah, hindi po!" Nagsimula itong umatras. "Ano, wala po. Gusto ko lang… nabasa ko kasi… interesado… mahilig po ako sa history—"

Napalaki ang hakbang nito at natapakan nito ang nakaangat na bahagi ng driveway na naghihiwalay sa sementadong daan at sa damuhan. Nagsimula itong matumba pero mabilis itong nilapitan at sinalo ni Iking para hindi tuluyang mapahiga sa damuhan. Gayunpaman, lumipad na ang isa nitong braso para subukang saluhin ang sarili at napakapit

ito sa mabababang halaman sa likuran nito. Nagpakawala ito ng maliit na ingay saka nito hinila ang kamay.

"Okay ka lang, Sir?" tanong ni Iking at noon siya tiningala ng lalaki. Noon din siguro nito napuna na nakakapit ito sa kuwelyo ng uniporme ni Iking at mukha silang mag-jowang nasa gitna ng isang eksena sa K-drama.

"Sh*t. Sorry," sabi ng lalaki na mahinang tumawa saka itinuwid ang sarili. Binitawan nila ang isa't isa at medyo awkward pang pinagpag ng lalaki ang uniporme ni Iking. "Sorry." Muli itong humakbang paatras—palayo kay Iking at sa mga halaman—at itinaas nito ang kamay. Duguan iyon at may mga galos. Malalim ang isa sa mga sugat, at pinanood nila parehong tumulo ang dugo sa gilid ng palad nito at pumatak sa mga dahon.

"Hala, Sir! May sugat ka." Bago pa malaman ni Iking ang ginagawa, lumapit na siya ulit at inabot ang pupulsuhan ng lalaki. Isinara nito ang kamao at muling tiningala si Iking na may komplikadong ekspresyon na parang pinaghalong vulnerability at pagtataka sa mukha. Sige na. Kumbinsido na siyang hindi ito masamang loob. Sa katunayan, biglang nakaramdam si Iking niyong emosyong nadarama niya kapag nakakakita siya ng mga video ng mga aso at pusa sa animal shelter.

Hindi, hindi cute aggression... kundi awa at protectiveness. Iyong parang biglang gusto niyang mag-adopt ng aalagaan.

"Okay lang. Okay lang po ako, promise," giit ng lalaki.

Pumalatak si Iking saka ito sinimulang hilahin para muling sumunod sa kanya. "May first aid kit kami. Gamutin muna natin 'yan."

"Hindi na. Huwag na."

"Ay, hindi. Halika na." Kahit nakasimangot na ang lalaki, hinatak niya ito sa direksyon ng guard house kung saan may apat na pares ng mga matang nakatutok sa kanilang dalawa. Naroon pa rin si Dela Vega, pero natakasan na ni Tan ang mga fans nito at nagtatago na ito sa guardhouse. Naroon na rin si Sgt. Talavera, ang pinaka-senior na enlisted sa kanila at boss ni Iking. Kalmado itong nagkakape sa may pintuan, sa ilalim ng lilim ng puno. Naroon na rin ang isa pa nilang kasamahan na si Peralta na nakabalik na mula sa bakery dahil nautusan ito kanina na bumili ng pandesal. Nakatingin ang apat sa kanya na may iba't ibang antas ng kuryosidad.

"Dela Vega, pahiram n'ung first aid kit. Nasugatan sa halaman si Sir."

Akala mo ang sinabi niya ay "*Nabayoneta sa sikmura si Sir at nakalabas ang bituka niya*" sa bilis kumilos ng tatlo (nanatiling nakaupo

sa labas si Top at nagkakape) para kunin ang first aid kit. Nagsilabas na rin ang mga ito para bigyan sila ng espasyo sa loob ng guardhouse na may lawak na pang-apat na taong nakatayo lang. Nagkumpulan ang mga ito sa may pintuan.

“Good morning po. Pasensya na po,” sabi ng lalaki na napilitang maupo sa isa sa dalawang monoblock chairs sa loob nang itulak ni Iking ang balikat nito pababa. “S’abi ko po kay Sir, huwag nang mag-abala.”

“Naku, hayaan n’yo na ’yan at talagang pakialamero ’yan,” kalmadong sabi ni Top bago muling hinipan ang kape nito.

Halatang nagulat ang lalaki sa sinabi ng sarhento at mahina itong tumawa.

Naupo si Iking sa tabi nito, may hawak nang isang buong supply closet yata ng emergency room ng ospital na inilatag nito sa mesa. “Dumanak na ’yung dugo, Top! Alam mo namang ayoko na dumadanak ang dugo eh.”

Muli niyang inabot ang kamay ng lalaki. Nadama niya ang una nitong naging reaksyon ay ang subukang hilahin muli ang kamay mula sa kanya kaya agad niya iyong binitawan. Noon kasi niya napuna na binabraso na pala niya ito at kanina pa hinahawakan nang walang paalam.

“Sorry, sorry.” Inilahad ni Iking ang palad

dito na parang gentleman na nanghihingi ng permiso. Bumuga ng hangin ang lalaki, at sa wakas ay inabot sa kanya ang kamay. Tumungo siya sa palad nito para pagtakpan ang naaaliw niyang ngisi bago napasimangot na rin. Medyo malalim ang sugat at may naiwan pang bahagi ng sanga sa gilid niyon.

"Gusto mo ng kape?" alok ni Top dito.

"Ah, hindi na po—"

"Gusto mo ng kape," ulit ni Top. Hindi na iyon alok. Kung bigla na lang itong umalis sa serbisyo, malamang mas kikita pa ito kung magtatatag ito ng sarili nitong Budol Gang.

At gaya ng lahat ng inalok ni Top ng kape, bumigay rin ang lalaki. "Eh, sige po. Thank you po."

"Tan, pakitimpla ng kape si Sir."

Mabilis na kumuha ng extra mug si Tan mula sa maliit nilang tray sa kanto ng guardhouse at nagbuhos ng hot water doon. "Ano'ng gusto n'yo, Sir? May three-in-one, may stick kung gusto n'yo ng black."

"'Yung three-in-one na lang po. Salamat."

Muling nagpigil ng ngiti si Iking nang silipin niya ang mukha ng lalaki. Halata sa hitsura nito na napipilitan lang itong pagbigyan sila. Malamang ito rin ang tipo ng taong bigla na lang nahahatak ng mga nag-aalok ng promo sa mall kahit labag sa loob nito, dahil hindi nito

alam kung paano tumanggi.

Nagbukas siya ng isang pakete ng antiseptic wipes. “Medyo mahapdi ito ah,” babala niya.

Tumango lang ang lalaki at muling binalingan si Top na nagtatanong dito. Hindi ito nag-react nang marahang pahiran ni Iking ang gilid ng sugat nito.

“Taga-dito ka ba sa Baguio, Sir? O turista?” tanong ni Top, ang totoong Chismoso Supreme.

“Turista lang po,” sagot ng lalaki. “‘Tsaka huwag n’yo na po akong i-Sir. ‘Wish’ na lang po.”

“Wish?”

“Opo. Wish, as in ‘kahilingan’. Mahaba pong kuwento.”

“Ah, eh okay lang. Nice to meet you. Ako si Sgt. Talavera pero Top lang naman ang tawag nila sa ’kin. Si Tan,” turo nito sa lalaking nag-aabot ng kape na tahimik na pinasalamatan ni Wish. “Si Peralta.” Kumaway si Peralta rito gamit ang isang pandesal. “Si Dela Vega, saka si Iking.”

“Nice to meet you po,” sagot ni Wish na halatang hindi pa rin sigurado kung paano ito napunta sa kasalukuyan nitong sitwasyon na may hawak na kape na ipinilit dito ng isang intimidating na sundalo, habang hawak ng isa pa ‘yung kabila nitong kamay para malinis ang isang mahabang sugat sa palad nito.

"Taga-saan ka?" tanong ulit ni Top.

"Sa Bulacan po," tipid nitong sagot.

"Ah, nakabakasyon ka?"

"Opo." May saglit na katahimikan bago narinig ni Iking na huminga nang malalim si Wish. Napaangat siya ng ulo sa pag-aalala na baka nasaktan ito sa paglilinis niya ng sugat nito pero may iba nang ekspresyon sa mukha nito. Parang bumigay na ito sa pressure na makipaglapit kay Top.

Ganoon talaga si Top. Kahit nagwawalang buwaya sa zoo, kaya nitong paamuin.

"Ang totoo po may... niri-research ako," simula ng lalaki. "Tungkol po sa isang krimen na nangyari dito forty years ago?"

Tumangu-tango si Top para hikayating ipagpatuloy ng lalaki ang kuwento.

"Forty years ago, may babaeng itinapon malapit daw po dito sa *Mansion*. Rape victim po. Nakita siya ng mga *PSG* at dinala nila sa ospital pero namatay daw po bago pa nakarating d'un."

Napaangat ulit ng ulo si Iking at nagkatinginan sila ni Top. Sa likuran niya, naramdaman niyang humakbang palapit sa isa't isa sina Tan, Peralta, at Dela Vega na para bang gusto ng mga itong subukan kung kasya ang tatlong tao sa isang maliit na espasyo. Napansin yata ni Wish ang kakaiba nilang

mga reaksyon at inilibot nito ang paningin sa kanila. Pamilyar sila sa kuwento na iyon. Iyon ang kuwento na ayaw na ulit marinig ni Iking.

"Huwag, Top! Panggabi ako!" pagmamakaawa niya.

"Kasama mo naman si Tan!" paalala ulit ni Dela Vega.

"Tutulugan lang ako n'yan!" paalala rin niya ulit dito.

"Ano po 'yun? Ano po'ng...? Bakit po?" naguguluhang tanong ni Wish na nagpapalipat-lipat ang tingin sa kanila.

"'Yang tinatanong mo ba ay 'yung kuwento ng White Lady dito sa *Mansion*?"

Nagsitayuan na naman ang mga balahibo ni Iking. "Parang awa, Top. Aalis na muna ako bago n'yo ikuwento," sabi niya bago nilagyan ng bandage na may print ni *Snorlax* ang sugat ni Wish.

"Ano po 'yung tungkol sa White Lady?" pangungulit na ni Wish. Aba, kanina lang mukhang asiwa itong makipag-usap, ngayon naman mukhang gusto nang mang-interview.

"Ah, aalis na ako!" sabi agad ni Dela Vega. "Baka may makasalisi, eh. Baka may pumasok sa restricted areas."

"Sama ako!" habol ni Peralta.

"Ako rin! Iwan n'yo na mga tasa n'yo, Top!" sabi ni Tan. "Ako na'ng bahalang magligpit

mamaya." Nagmamadali itong sumunod sa mga kasamahan.

Nagkibit-balikat si Top at inabot ang paperbag ng pandesal. Kumuha ito ng isa saka itinulak ang supot sa direksyon ni Iking. "Bigyan mo si Sir. Lagyan mo ng mantikilya."

At dahil malamang natuto na ito na hindi puwedeng hindian si Top, hindi na tumutol si Wish nang ipaghanda ito ni Iking ng mainit na pandesal na may butter.

Ang totoo niyan, gusto rin namang tumakas ni Iking dahil ayaw talaga niyang marinig ulit iyong kuwento ng White Lady. Nangibabaw lang ang kuryosidad niya kung bakit interesado roon si Wish.

"Thank you," anito nang iabot niya ang pandesal dito. At dahil nandoon na rin naman siya, kumuha na rin siya ng para sa kanya. Kung tatakutin din naman siya ni Top, at least may kapalit na chibog.

"Ang kuwento kasi eh 'yung White Lady daw dito eh babae ngang itinapon sa labas ng *Mansion*. Hindi raw yata tagarito? Kinidnap daw, ni-rape, pinagsasaksak 'tapos itinapon d'yan sa labas kasi akala n'ung mga salarin eh patay na. Nakahingi pa raw 'yun ng saklolo d'un sa likod at naipasok pa nila para dalhin sa ospital, pero dito rin daw binawian ng buhay. Mula n'un eh lagi nang may nakakarinig ng

umiiyak na babae d'yan sa likuran."

Isa na si Iking sa mga nakarinig niyon.

Noon nanindig ang lahat ng mga balahibo ni Iking dahil para siyang hinipan ng ubod ng lamig na hangin na tumagos sa mga buto niya kasabay ng paglakas ng pag-iyak na tila ba nanggagaling na sa lahat ng direksyon palibot sa kanya. Tumakbo na siya.

"Ano ba'ng niri-research mo tungkol doon?" tanong ni Top. Bumalik sa kasalukuyan ang isip ni Iking. Napuna niyang halos mamuti na ang mga daliri ni Wish sa higpit ng kapit sa mug bago nito maingat na ni-relax ang mga daliri.

"Ah, curious lang po ako. Mahilig po kasi talaga ako sa true crime stories." Inangat nito ang mug sa mga labi para sumimsim ng kape. "Nabasa ko po online, kasi may mga forums para sa mga unsolved crimes, 'tapos na-hook na po ako. Hindi ko po alam na may gan'un palang kuwento."

"Ah, baka mas may alam ka pa tungkol d'yan kaysa sa 'min," ani Top. "Kuwento-kuwento lang naman ang alam namin dito dahil nga kung anu-ano ang nagpaparamdam sa 'min minsan. 'Yung mga nauna lang na na-assign dito ang nagkukuwento sa 'min. Ano ba talaga ang nangyari d'un sa babaeng 'yun?"

Huminga nang malalim si Wish at kinuha

nitong muli ang telepono mula sa bulsa nito na para bang may notes ito roon (malamang). Parang ito rin kasi iyong tipo ng estudyante na nagte-take down notes kahit lunch period.

"Forty years ago, forty-two to be exact, daw po nangyari. 'Yung biktima eh taga-Pangasinan. Kinidnap daw po n'ung pauwi siya galing library sa campus. Two days later, nakita po siya dito. According po sa reports, may tumawag daw po yata dito sa *Mansion* at sinabing may nakita nga daw po na nag-iwan ng bangkay ng babae malapit dito. At n'ung dumating po 'yung mga sundalo, narinig daw po n'ung isang *PSG* member na buhay pa 'yung babae. Sinubukan nilang dalhin sa ospital pero hindi na daw po umabot."

Tumangu-tango si Top. "'Yan nga din 'yung kuwento-kuwento rito," anito bago binigyan ng maliit na ngiti si Wish. "Ang galing ng research mo, ah. Kumpleto."

Mahinang tumawa ang lalaki. "Public records naman po kaya madaling hanapin kung talagang may motivation. Saka usap-usapan po 'yun d'un sa forum na sinalihan ko. Pati nga po pangalan n'ung mga *PSG* na nagdala sa kanya sa ospital nan'dun eh."

"Ah talaga?" Nabuhay lalo ang kuryosidad ni Top. "Sinu-sino sila?"

Sumubo ng panibagong pandesal si Iking

at binalingang muli si Wish na tumungo sa telepono nito. “Si Sergeant… Enrique Nuñez, Sr. daw po ’yung nagmaneho papunta sa ospital.”

Bumara sa lalamunan ni Iking ang pandesal at mabilis siyang nilingon nina Wish at Top pero dahil sa magkaibang dahilan. Si Wish dahil sa pag-aalalang ikamatay niya ang pandesal na sinubo niya; si Top, dahil sa pagkamangha.

“Sigurado ka?” tanong ng huli.

Tumango si Wish na mukhang naguguluhang muli.

Itinuro lang ni Top si Iking imbes na tulungan siyang ilabas iyong pandesal na nakabara pa rin sa lalamunan niya. “Eh ’ayan si Sgt. Enrique Nuñez III, o.”

# 3

"Lolo mo 'yung nagdala sa kanya sa ospital?" bulalas ni Wish na nakatingin sa sundalong umuubo na parang pusang naglalabas ng hairball. Hindi niya alam kung ano ang meron sa araw na ito, pero pakiramdam niya nasa alternate timeline siya ng buhay niya. Wala sa '*Things I Think Will Happen In My Future*' bingo card niya ang mga pangyayaring ito.

Umuubo pa rin si Iking—si Sgt. Nuñez—at kinakabog-kabog pa rin ang dibdib.

"Lolo ko… 'yung nagdala… sa kanya… sa ospital?" ulit nito sa pagitan ng ubo. Tinulungan na ito ni Wish at hinampas na sa

likod bago itinulak palapit dito ang mug ng medyo malamig na niyang kape. “Thank you.”

“Hindi ko alam. Hindi mo ba alam ’yung kuwento?” balik niya. No judgement kung hindi. Pareho lang silang walang alam sa nakaraan ng mga lolo nila, mapait niyang naisip.

Umiling si Sgt. Nuñez habang hinahagod pa rin ang dibdib. “Hindi kasi makuwento si Lolo n’ung bata ako.”

“Paano kung ngayon mo siya tanungin?” mungkahi ni Wish.

“Naku, mas hindi na ’yun magkukuwento ngayon. Patay na ’yun eh,” pagtatapos nito bago pa niya ito matanong.

Kahit nasa labas ng guardhouse si Top, naabot nito si Sgt. Nuñez at binatukan ito gamit ang sumbrero. “Nawa’y dalawin ka niya mamaya para kuwentuhan kang walanghiya ka.”

Sa kabila ng magulong sitwasyon, hindi napigilan ni Wish ang matawa.

“Eh, ikaw ba, Wish? Wala ka bang kamag-anak sa mga *PSG* na nandito noon? Mamaya eh nakatadhana pala na mapunta ka rito dahil sa koneksyon na ’yun.”

“Wala naman po sa pagkakaalam ko. Pulis po kasi ang karamihan sa pamilya namin. Wala po kaming kamag-anak na sundalo.”

*Pero opo, nakatadhana po yata talaga akong mapunta dito dahil sa nakaraan.*

"Pero akalain mo." Nilingon na naman ni Top si Sgt. Nuñez na mukhang hindi pa nakakabawi sa nalaman. "Wala tayong kaalam-alam na lolo mo pala 'yung nagtangkang tumulong sa kanya, ano? Hindi ba ilang beses ding nagparamdam sa 'yo si Madam?"

Ibinaba nito ang ulo at idinikit ang noo sa mesa. "Susko ka, Top. Panggabi ako mamaya," ulit nito.

Tumawa ang boss nito pero sinulyapan ang relo sa pupulsuhan. "'Ala, tanghali na pala. May report pa ako. Iking, ba't di mo ipasyal si Wish? Baka may malaman ka pa tungkol sa lolo mo."

Biglang tumuwid ng upo si Sgt. Nuñez. "Ah, sa loob, Top?"

"Hindi, sa labas," sagot ni Top na blangko ang ekspresyon sa mukha kahit pa damang-dama ni Wish ang sarcasm sa walang emosyon nitong tono. "Dalhin mo siya sa *Burnham* at ipagsagwan mo sa lagoon. Malamang sa loob! Ipasyal mo lang siya. Alam mo naman kung hanggang saan puwedeng pumunta ang mga personal na bisita. Buti nang sa kanya ka magpakuwento kaysa sa lolo mo."

Pinagtakpan ni Wish ng ubo ang tawa niya. Natutuwa na talaga siya sa mga ito.

"Mauna na 'ko. Nice meeting you ulit, Wish. B'alik ka ulit dito. Kuwentuhan mo pa kami tungkol sa research mo."

"Sige po, Top."

Tumayo na rin si Sgt. Nuñez. "Sandali lang, ah. Magliligpit lang ako," paalam nito.

Nanatili siya sa kinauupuan habang iniipon ng sarhento ang mga kalat, pagkatapos ay tumango ito sa kanya bilang senyales na mauna siyang lumabas ng guardhouse.

Medyo intimidated pa rin siya sa sundalo, sa totoo lang. Kahit kaunti lang ang tangkad nito sa kanya, para kasing ang laking tao ni Sgt. Nuñez—dahil siguro sa uniporme at sa dala nitong baril. Kahit halos lahat ng mga kamag-anak ni Wish ay pulis, hindi siya naging komportable kahit kailan sa mga baril. Wala kasing ibang gamit ang mga iyon maliban sa pagpatay.

Ipinaalam siya ng sarhento sa iba nitong mga kasama (na hindi maalala ni Wish ang mga pangalan), pagkatapos ay giniya siya nito paakyat sa driveway kung saan may harang na nagsasabing bawal na ang mga bisita paglampas doon. Pakiramdam tuloy ni Wish, may kung ano siyang special privilege, lalo na't narinig niyang may mga bisita na nagtanong sa isa sa mga sundalo kung bakit siya puwedeng umakyat doon pero ang mga ito ay hindi.

Tumungo na lang siya at sumunod kay Sgt. Nuñez.

Samantala, sa driveway sa ibaba, sa likuran ng isang bagong grupo ng mga turista, mula sa dahon kung saan ito unang pumatak, tuluyang nalaglag sa damuhan ang patak ng dugo ni Wish at hinigop iyon ng lupa.

Nagpasalamat si Wish na makuwento si Sgt. Nuñez at okay lang dito kahit hindi siya masyadong nagsasalita. Ganoon lang naman kasi talaga siya. Kapag nasa bago siyang lugar, madalas ay nagmamasid lang siya. Kung may bago siyang kakilala, matagal bago siya maging komportable.

Habang naglalakad sila, pakiramdam niya ay nasa park silang dalawa. May mga walkways kasi sa gitna ng mga hardin at maraming puno. Presko din ang hangin at malamig kahit pa mataas na ang araw. Masarap din sa balat niya ang init niyon. Hindi pa nakakapaso.

“Puwede ko bang itanong kung bakit naging interesado ka sa kaso ni Madam?” tanong ng sarhento habang naglalakad sila sa gitna ng isa pang hardin. Madam, ibig sabihin iyong White Lady nila dito sa *Mansion*.

“Judith ang pangalan niya,” ani Wish. At hindi niya puwedeng sabihin ang katotohanan.

At least, not all of it. “Naghanap lang talaga ako ng mapapagkakaabalahan,” simula niya. “Caregiver kasi ako ng lolo ko nitong huling apat na taon. Namatay siya two weeks ago.”

Nilingon siya ni Sgt. Nuñez. “Ay, sh*t. Condolence.”

Bahagya siyang natawa. “Ngayon ko lang narinig na magkasunod ’yung mga salitang sh*t at condolence,” paliwanag niya nang mukhang naguluhan ang lalaki.

Nagkibit-balikat ito na muli nang nakangiti. “Pagagalitan pala ako ng CO namin. Sasabihin n’un ‘my condolences’ dapat.”

“Grammar nazi siya?”

“Si LT? Nakow, kung mabaril ’yun at nawalan ng malay, sabihan mo lang ’yun ng ‘*Sir, thanks God, nand’yan na ’yung medic,*’ tiyak babangon ’yun at dudurugin ka!”

Hindi napigilan ni Wish ang malakas na tawang kumawala mula sa bibig niya, pero mabilis niyang tinakpan ang bibig dahil sa pagkapahiya. Napakatahimik naman kasi sa paligid at pakiramdam niya dinig hanggang Kennon Road ang tawa niya.

Mas malaki na ngayon ang ngiti ni Sgt. Nuñez na akala mo may malaking achievement. “Ayan! Eh di napatawa kita, Sir!”

Muli siyang natawa at napailing na lang. “Huwag mo na nga ako i-Sir, Sarge. Wish na

lang."

"At huwag n'yo na akong i-Sarge, Sir. Iking na lang. Eh matanong pala kita," anito. "Ano talaga ang pangalan mo? Wish ba talaga?"

Umiling siya. "Huwag mo nang itanong."

"Ehhh!"

Wish chuckled again and shook his head.

Nagpatuloy sila sa paglalakad hanggang sa marating nila ang isang tila kakahuyan na malapit na sa pader na naghihiwalay sa grounds at sa kalsada sa labas. Tumigil malapit sa isang puno si Iking.

"Dito ko siya unang narinig," anito at nilingon ito ni Wish. Nililibot ng sundalo ang mga mata nito sa paligid. "'Yung White Lady," paglilinaw nito. "Bago pa lang ako n'un, unang patrol ko. Excited pa ako n'un, saka siyempre dahil bago pa, hindi ko alam kung mas gusto ko 'yung tahimik lang o kung may biglang intruder na papasok. Siyempre dapat exciting at pang-anime ang eksena kaya naisip kong ninja siya na may dalang espada na kasing-lapad ng mga balikat ko at may isang buong sako ng ninja weapons gaya ng ninja stars, ninja bombs, at ninja jungle bolo!"

"Naghalu-halo yata 'yung mga anime mo," napapangiti niyang hirit.

"Para mas exciting!" paliwanag ni Iking. "'Tapos hahabulin ko siya kahit pa sa ibabaw

siya ng mga puno tumatakbo at mahuhuli ko siya bago pa siya makalapit sa Presidente.”

*Sige na nga, pagbigyan ang bata.* “Paano mo siya huhulihin?”

“Nasa mga puno siya, di ba? So tatalunin ko siya, hahablutin ko ’yung ninja pants niya ‘tapos hihilahin ko siya pabagsak sa lupa bago ko itatali ’yung mga kamay at paa niya, saka ko siya dadalhin kay Top.”

Muling tumawa si Wish.

Ngumisi si Iking at inayos ang strap ng baril nito sa isang balikat. “Pero ’yun nga. Nananahimik akong naghihintay ng ninja n’ung nakarinig ako ng iyak ng babae. ’Yung hagulgol ah, ’tapos biglang lumamig ang paligid.”

Pakiramdam ni Wish ay lumamig din sa kinaroroonan nila kasi nagtayuan ang mga balahibo niya.

“Mas lumamig pala kasi twelve degrees lang yata n’un. Niradyo ko pa sa gate na may babae nga na umiiyak.”

“Ano’ng sabi nila?”

“Tumakbo daw ako. Ay sos, di ko na hinintay kung niloloko lang nila ako. Tumakbo na talaga ako. Noon ikinuwento sa ’kin na gan’un nga daw, may white lady nga raw dito. Ilang beses ko na nga nakikita; dumadaan sa labas ng bintana habang naghuhugas ako ng

pinggan o kaya 'yung alam mong may dumaan sa bandang likuran mo kasi nakita mo sa gilid ng mata mo. Hindi ko na lang masyadong pinapansin kasi baka mamaya sabihin niya, *'Ah, interesado ka ah.'* Baka pagmulat ko ng mga mata ko pagkatapos kong mag-shampoo eh nasa harapan ko na siya."

Sa kabila ng takot, muling napangiti si Wish sa pagkaaliw. Nilibot na rin niya ang paningin sa hilera ng mga puno. "Ano'ng hitsura niya?"

"Puti lang naman kapag nakikita ko," sagot ng sundalo bago natawa at tumingin sa itaas. "Hindi po 'yun imbitasyon para magpakita kayo, ah! Okay na po ako na puti lang kayo." Muli itong tumingin sa kanya na seryoso na ang ekspresyon. "Nasa research mo ba kung saan siya eksaktong nakita?"

Umiling si Wish pero humakbang siya. Mabagal siyang naglakad palampas sa mga puno at tahimik siyang sinundan ni Iking. Napuna niyang nagsimulang kumabog ang puso niya. Muli ring nagsitayuan ang mga balahibo niya sa braso at may kakaibang pakiramdam sa lalamunan niya na para bang masusuka siya.

*Takot lang 'to,* sabi niya sa sarili. Normal iyong reaksyon pagkatapos makarinig ng ghost story.

Pero hindi iyon basta ghost story lang. Kuwento iyon ng nakaraan, ng isang tunay na krimen na nangyari sa lugar na ito forty years ago, isang karumal-dumal na krimen na itinago ng lolo niya.

Huminto si Wish malapit sa pader. Sa paanan niyon ay ilang halaman na may mga bulaklak na kulay pula at kahel. Inangat niya ang isang kamay para hawakan ang talulot ng isa sa mga bulaklak nang biglang nag-iba ang kapaligiran. Napalitan ng buwan ang araw, at nakita ni Wish na nakahandusay na siya sa lupa. May matinding sakit sa buo niyang katawan, sa sikmura, sa lalamunan… sa pagitan ng mga hita niya. Nalalasahan niya ang dugo sa bibig niya kahit pa nakikipagsapalaran siyang huminga.

"Tulong. Tulungan n'yo ako," hirap na hirap niyang tawag pero hindi niya iyon tinig. Tinig iyon ng isang babae.

Noon niya napuna ang panlalamig ng kanyang mga binti, ang mabagal na pagkawala ng pakiramdam sa mga kamay at braso niya, ang pagdaloy ng kanyang dugo palabas sa mga sugat.

Ayaw pa niyang mamatay. Ang dami pa niyang mga pangarap! Matutupad niya ang lahat ng mga iyon. Hindi siya mamamatay. Hindi! Hindi puwedeng hindi magbayad ang

mga gumawa nito sa kanya! Ipaparamdam niya sa mga hayop na ’yun ang matinding takot, ang bawat sugat, ang bawat hapdi, ang bawat insulto, ang pambababoy ng mga ito sa katawan niya. Babalikan niya ang mga ito isa-isa, isinusumpa niya! Kung sa impiyerno siya mapupunta, isasama niya ang mga ito!

Pero hindi pa ngayon. Ayaw pa niyang mamatay. Hindi pa siya mamamatay!

Ngunit walang laban ang lakas ng pag-iisip sa mahinang katawan. Nadama niya ang pagbawi sa buhay niya, ang mabagal na pagkawala ng sensasyon sa katawan niya, hanggang sa maging ang sakit ay hindi na niya madama.

Kumurap si Wish at biglang napalitan ng mukha ng isang lalaki ang sinag ng buwan. May sinasabi ito na hindi niya marinig bago nito marahang tinakpan ng camouflage jacket ang katawan niya saka siya binuhat. Nagsimula siyang umiyak.

Humikbi siya, suminghap, nagmulat ng mga mata, at nasilaw sa liwanag ng araw. Pagkatapos, dumapo ang paningin niya kay Iking na nakatungo sa kanya na mukhang alalang-alala. Halos iyon din ang mukha ng lalaking bumuhat sa kanya sa panaginip (vision?) niya.

“Wish, okay ka lang? Hinimatay ka.”

Kumurap-kurap siya. “Hindi ako nahihimatay.”

Umikot ang eyeballs ni Iking pero may maliit itong ngiti sa labi. “Okay. Eh di nawalan ka ng malay. Mas macho ba ’yung pakinggan?”

Bumuntong-hininga si Wish. “Male”—itinaas niya ang dalawang kamay para gumawa ng air quotes—“nurse ako, Sarge.” Well, he was a nursing student currently on LOA from his university. “Hindi bago sa ’kin ang sexist language. Ang ibig kong sabihin eh, hindi talaga ako nahihimatay, hindi dahil hindi nahihimatay ang mga lalaki.”

Muli siyang kumurap dahil hindi niya maiproseso ang anggulo kung paano sila nakatingin ni Iking sa isa’t isa. At nang maintindihan ni Wish, nadagdagan ang pagkapahiya niya. Nakaunan siya sa kandungan ng sundalo. Muli siyang nagsimulang maupo at tinulungan siya ni Iking.

“Hindi ako expert, ah,” simula nito na parang hindi apektado na ginawa niya itong throw pillow. “Pero sa hitsura mo kanina na bigla na lang tumirik ’yung mga mata mo ’tapos muntik kang masubsob sa mga halaman kung hindi kita nasalo ulit? Kung maghahanap ka ng video na may demo ng nahimatay, malamang ’yun ang unang lalabas sa search results.”

He tilted his head to one side as he regarded Wish. “Bukod sa kape kanina, kumain ka ba ng almusal?”

“Oo, kumain ako.” Nagsimula siyang tumayo pero nang madama na medyo nanghihina pa ang mga tuhod niya, ibinalik na lang niya ang puwet niya sa damuhan. Noon niya nabalikan ang nangyari sa kanya. Nilingon niya si Iking. “May nangyari ba sa ’yo? May napansin ka bang kakaiba n’ung wala akong malay? Gaano katagal akong walang malay?”

“Sandali lang. Mga three minutes siguro,” sagot ng sundalo. “Wala namang nangyari bukod sa akala ko eh hahalikan mo ’yung pader.” Biglang nagbago ang tono ng pananalita nito at ang ekspresyon nito sa mukha. “Bakit? Ano’ng nangyari sa ’yo?”

“Bigla kasing nagdilim,” simula niya na wala sa focus ang mga mata. “Naging gabi. ’Tapos… naramdaman ko siya. Si Aling Judith.”

Napatungo siya sa braso niya nang hawakan iyon ni Iking. “Nandito siya ngayon?”

“Hindi… hindi siya… hindi.. Hindi ko alam,” pagtatapos na lang niya. “Hindi ko alam kung nandito siya ngayon pero ’yung nangyari, naramdaman ko. Naramdaman ko ’yung naramdaman niya n’ung gabing ’yun. Ayaw niyang mamatay.” Napalunok si Wish.

"Gusto niyang maghiganti."

"Hindi mo naman siya masisisi," ani Iking. Nag-angat siya ng paningin sa sarhento na nagkibit-balikat. "Ginahasa siya, pinagsasaksak at iniwan na lang basta para mamatay mag-isa para hindi siya makapagsumbong. Sa palagay ko, kung makaranas din ako ng gan'un katinding paghihirap, malamang manlalaban din talaga ako para mabuhay para magbayad 'yung mga gumawa n'un. At kung di man kayanin ng katawan ko, magpapaiwan din 'yung kaluluwa ko para makapaghiganti."

Mabagal na tumango si Wish. Kung iisipin din naman kasi niya, malamang ganoon din siya. Ang kaibahan lang ay kailangan niyang isipin iyon mula sa point of view ng lolo niya na nanghihingi ng kapatawaran.

"Nakita ko din yata 'yung lolo mo."

Namilog ang mga mata ni Iking. "Lolo ko?"

Tumango si Wish. "Kamukha mo siya." Pinagmasdan niya ang kausap. "Iba lang nang kaunti 'yung ilong mo."

Hinawakan ni Iking ang nasabing ilong. "Ilong 'to ng nanay ko," anito na kunot ang noo. "Pero oo, 'yun nga daw. Sh*t, nakita mo talaga si Lolo."

Tumango siya ulit. "Binuhat niya ako… si Aling Judith."

Natahimik silang dalawa.

Mayamaya ay biglang nagtanong si Iking. “Ano’ng gagawin natin?”

“Natin?” gulat niyang balik.

Muling nagkibit-balikat ang sundalo. “Sa palagay ko, nanghihingi siya ng tulong sa ’tin. Gusto niyang tulungan natin siyang… hindi ko alam, makatawid sa Rainbow Bridge?”

“‘ing,” buntong-hininga niya. “Hindi siya aso.”

Ikinumpas nito ang mga kamay. “Alam mo na ’yung ibig kong sabihin!” anito.

“Oo na, oo na,” sagot niya na natatawa na. “Pero paano? Ano’ng gagawin natin? Wala naman akong kilalang psychic o medium na kayang makipag-usap sa kaluluwa.” At hindi naman talaga siya naniniwala sa mga ganoon. Pero nang tingnan niya si Iking, may kakaiba itong ekspresyon sa mukha nito. “Bakit?”

Ngumiwi ang sarhento. “Maniniwala ka ba kung sabihin kong ako, meron?”

Tumaas ang mga kilay ni Wish.

Ipinilig ni Iking ang ulo. “Ako na’ng bahala d’un. Ikaw, ano’ng gusto mong susunod na gawin?”

“Sandali.” Payak niyang pinagmasdan si Iking kasi hindi siya maka-move on sa sinabi nito. “May kilala ka… na nakikipag-usap sa mga kaluluwa?”

"Actually, may kilala akong dating kaluluwa, pero s'abi ko nga, ako na'ng bahala d'un. Akin na'ng number mo. Ite-text kita kapag nakausap ko na siya."

Mabilis na umiling si Wish. "Hindi. Hindi… Hindi," mariin niyang sabi. Hindi niya tinanggap ang tulong na alok ni Iking at tumayo siyang mag-isa. Pinagpag niya ang likod ng pantalon at ng jacket niya. "Nagpunta ako dito dahil curious ako. May nabasa akong interesting na unsolved crime, may oras ako at kailangan ko din ng bakasyon, so why not, di ba? Hindi ako pumunta dito para mag-ghost hunting, o makipag-usap sa mga ligaw na kaluluwa."

Pero hindi ba iyon talaga ang ipinunta niya sa Baguio? Para bigyan ang lolo niya ng "closure" kahit pa sa kabilang buhay? Muli siyang umiling at nagsimulang maglakad pabalik sa pinanggalingan nila ni Iking.

Ang naisip niyang "closure" ay ang tingnan ang lugar na pinangyarihan ng krimen, sikretong magtirik ng kandila at mag-iwan ng mga bulaklak para ipagdasal ang pagtahimik ng kaluluwa ng nasawi. Hindi niya naisip na literal niyang kailangang tulungan ang isang kaluluwa. He didn't even believe in ghosts for f*ck's sake!

Nanikip ang dibdib ni Wish at nagsimula

siyang humingal at napahinto sa paglalakad. Tumungo siya at inilagay ang mga palad sa mga tuhod saka siya huminga nang malalim. He was not going to have a panic attack in front of a stranger.

“Okay ka lang?” tanong ni Iking na huminto sa tabi niya.

“Okay lang,” he gritted out, then took a deep breath.

“Gusto mong maupo?”

“Ayokong maupo,” sikmat niya na tumutuwid na. Agad na dumapo kay Iking ang paningin niya. Mukha itong batang napagalitan at agad nakonsyensya si Wish. Bumuga siya ng hangin saka muling nagsalita sa mas malumanay nang tinig. “Sorry. Hindi kasama sa mga plano ko ang multuhin dito sa Baguio nang alas nueve ng umaga.”

“Alas diez na, actually,” pabirong pagtatama ni Iking. Sinimangutan niya ito pero ngumiti lang ito ulit sa kanya. “Oo na. Joke lang din. Saka sorry kung parang bigla kang napilitan. Akala ko lang kasi ’yun ’yung gusto mong gawin. Kami naman kasi dito, bahagi na ng mga buhay namin si Madam. Hindi naman siya nananakit, di tulad ng ibang masamang espiritu. ’Tapos, nalaman ko pang may kinalaman sa kanya ’yung lolo ko. Naging personal kasi bigla sa ’kin. Okay

naman kung ayaw mo nang maging involved. Nagpapasalamat pa rin ako sa ’yo kasi kung hindi dahil sa ’yo, hindi ko malalaman ang totoo.”

He looked so sincere that it made Wish suspicious. Aaminin na niyang hindi siya fan ng mga sundalo o pulis. Ang general opinion niya sa mga ito ay puro mayayabang. He should know, most of his relatives were cops. Si Lolo Alfred lang ang gusto niyang pulis dahil mabait ito, mahaba ang pasensya, at mapagkumbaba. Hindi kasi magandang kombinasyon ang yabang, awtoridad, at armas. Pero iba ang dating ni Iking sa kanya.

Tumango siya. “Hindi sa ayaw kong tumulong sa kanya, ayoko lang ’yung ideya ng white lady na gustong maghiganti. ’Tapos, ’yung nangyari pa kanina. Hindi ako mahilig sa ghost stories at horror movies. It’s something I don’t want to get involved in.”

“Naiintindihan ko naman,” sabing muli ni Iking. Natahimik silang dalawa, at sa unang pagkakataon, nakadama si Wish ng tunay na awkward silence sa pagitan nila.

Luminga siya. “Anyway, mabuti pa siguro umalis na ako. Saan ’yung pabalik sa gate?”

Sumenyas si Iking sa kanan at sabay silang naglakad sa direksyon na itinuro nito. “So ano na’ng gagawin mo?” tanong nito. “Tapos na ba

’yung research mo tungkol dito?”

“Curiosity lang naman talaga ’to. Hindi naman ako pumunta dito para magsimula ng bagong imbestigasyon sa krimen. At lalong hindi ako pumunta dito para multuhin.” Sinubukan niyang magbiro, at medyo gumaang muli ang loob niya nang makitang ngumiti na ulit si Iking.

“Naku, kahit saang sulok naman ng Baguio, eh may ghost story. Kung mahilig kang makinig sa mga gan’un, b’alik ka lang dito. Kausapin mo si Top. Hindi nauubusan ’yun ng mga pang-halloween special ng *KMJS,* eh.”

Natawa si Wish. “Hayaan mo. Babalik ako bago ako umuwi.” Sinulyapan niya ang katabi. “Okay lang ba kung magdala ako ng bulaklak para kay Aling Judith?”

“Okay lang naman,” anito. “Kung ako rin naman ang namatay, gusto ko ring may magdala ng bulaklak para sa ’kin. Kailan ka ba babalik ng Manila?”

“Sa Linggo ng gabi.”

Saglit na nag-isip si Iking. “Alam mo, kung gusto mo—kung gusto mo lang naman—lumipat ka na dito. Para makatipid ka sa hotel. Ilang araw din ’yun. Hindi ka naman namin sisingilin kung dito ka tumuloy. Maraming bakanteng kuwarto ngayon. Para na din mas maganda ang experience mo sa research mo.”

Hindi alam ni Wish kung nagbibiro ito o ano dahil seryoso at may sense ang sinasabi nito pero mapagbiro rin ang ngisi nito. Sayang din nga 'yung ilan pang araw na naka-book siya sa hotel. Pero mabilis din niyang naalala na bigla na lang siyang nahila sa nakaraan kanina at nakita ang mga pangyayari sa point of view ng isang babaeng biktima ng isang karumal-dumal na krimen.

"Thank you pero parang hindi ako makakatulog sa barracks ninyo pagkatapos ng nangyari kanina. Kaya doon na lang ako sa hotel. Pero babalik ako, promise."

"Okay," masayahing tugon ni Iking. "Pero kapag magbago ang isip mo, p'unta ka na lang dito. Kahit dalhin mo na agad 'yung mga gamit mo."

"Salamat." *Pero hindi magbababago ang isip ko.*

# 4

Nagbago ang isip niya.

Creature of habit si Wish. Hindi man siya istrikto sa oras pero may schedule siya na sinusunod. Sa Baguio, naging schedule niya sa gabi ang early dinner sa labas, shower pagbalik sa hotel room, pagkatapos ay bubuksan niya ang TV para may background noise siya habang nagsusulat ng entry sa journal app sa tablet. Ikinukuwento lang naman niya ang mga nangyari nang araw na iyon—kung saan siya pumunta, ano ang kinain niya, ano ang mga emosyon niya, at ang mga naisip niya.

Nang gabing iyon, nag-shower si Wish,

nagbihis ng sweat pants at t-shirt bago niya pinindot ang play sa unang episode ng isang anime. Naupo siya sa mesa malapit sa bintana at binuksan ang journal app.

Sinimulan niya ang entry gaya kung paano niya simulan ang halos lahat ng entries niya tungkol sa Baguio sa app: kung anong oras siya nagising. Creature of habit nga, di ba? Pagkatapos ay ikinuwento niyang muli na bumalik siya sa *Mansion* at na nakilala niya sila Iking. He noted how an unbelievable coincidence that was, na makilala niya ang apo ng isa sa mga sundalong tumulong kay Aling Judith. Ikinuwento rin niya kung ano ang nangyari, na para siyang nahila sa nakaraan at naramdaman niya ang mga naramdaman ni Aling Judith, na naging si Aling Judith siya.

Ikinuwento ni Wish na inimbitahan siya ni Iking na doon na tumuloy sa *Mansion.* Normally, hindi niya palalampasin ang pagkakataon na iyon. Hindi naman nabibigyan ng pagkakataon ang lahat ng mga bisita na makapasok doon, much less doon tumuloy. Pero matapos ang lahat, mas mabuti na iyong huwag siyang masyadong maglalapit sa lugar kung saan maaabot siya ng kaluluwang ligaw na malamang ay gustong maghiganti. Ibinahagi niya na nananatili siyang curious,

pero aaminin niyang natakot siya kanina, at nakapagdesisyon siyang tama na siguro na mag-iwan na lang siya ng bulaklak doon.

Tinuldukan niya ang huling pangungusap, pagkatapos ay nag-scroll siya sa simula ng entry para basahin ang mga sinulat niya. Hindi porke journal entry at siya lang ang makakabasa ay hindi na niya iyon ie-edit. Pero kumunot ang noo niya nang mapuna na tahimik sa silid. Tapos na ba iyong episode ng anime? Pero kahit na. 'Matik naman dapat na magpe-play ang susunod na episode.

Nilingon ni Wish ang TV at nakitang static ang nasa screen.

Why would...?

Napatayo siya nang biglang ipaalala ng isip niya ang lahat ng mga horror movies (na hindi niya pinanood pero nakita niya ang mga trailer) na may ganitong-ganitong eksena. Napaatras siya at tumama ang puwet niya sa mesa. Kumapit siya sa gilid niyon habang hinihintay na may babaeng mahaba ang buhok o kaya duguang madre na biglang lumabas mula sa TV.

Gustong maghiwalay ng mga mata ni Wish para sabay na tingnan kung may mangja-jump scare sa kanya mula sa madilim na banyo o kaya ay sa closet na nasa kabilang dulo ng

silid. Or f*ck, baka biglang may humawak sa paa niya mula sa ilalim ng mesa gaya noong batang multo sa pelikula!

His body leaped away from the table before he could command it to, and he landed facedown on the bed. May bigat na dumagan sa kanya mula sa likuran at may mga kamay na humawak sa mga pupulsuhan niya. Pakiramdam ni Wish ay sasabog ang kanyang puso sa takot. Nanlaban siya pero nadama niyang may mga humawak sa mga binti niya at puwersahang pinaghiwalay ang mga iyon. He snarled and tried to move his head to yell, to bite, to fight, but there was another hand on his head, pressing his face unto the pillow.

Nanlaban siya at saglit niyang naiangat ang ulo at nakita niya ang mukha ng lalaking nakaluhod sa ulunan niya. He wore a cruel expression on his face, grinning with pure malice and lust that made Wish's skin crawl. Pagkatapos ay itinulak nitong muli ang ulo ni Wish sa unan.

Hindi siya makahinga. May mga kamay sa katawan niya, mga labi sa batok niya, may marahas na paghinga sa kanyang tainga. Gusto niyang sumigaw. Gusto niyang sumuka. Gusto na niyang mamatay.

Gusto niyang pumatay.

Muling nanlaban si Wish at gamit ang lahat ng lakas niya, gumulong siya para makakawala sa hawak ng mga ito.

Nalaglag siya sa gilid ng kama. He shot up to fight more but he was alone.

It took him a minute to get his bearings back. Nakahiga siya sa carpet, marahas ang paghinga, nanlalamig ang balat at nangangatal ang buong katawan. Naririnig na niyang muli ang tinig ng mga Japanese character sa anime na patuloy nang nagpe-play sa TV. Ni hindi pa namamatay ang screen ng tablet niya kaya malamang wala pang thirty seconds mula nang tumalon siya palayo sa mesa.

Mabagal siyang naupo at inilibot ang paningin sa silid. Nothing was out of place. Pero nang tingnan niya ang mga braso niya, may mga pulang marka sa dalawang pupulsuhan niya.

"F*ck this sh*t."

Lumundag si Wish patayo, three seconds na nakipagtalo sa sarili kung magsha-shower muna siya ulit dahil pakiramdam niya ay ang dumi-dumi niya dahil sa nangyari, pagkatapos ay mabilis niyang inempake ang mga gamit.

Five minutes later, nasa reception na siya, nagche-check out, and fifteen minutes after that, bumababa na siya ng taxi sa tapat ng

gate ng *Mansion*.

“Pasensya na ulit, Iking ah,” ani Wish sa kanya nang maibaba nila ang dala nitong bag sa bottom bunk ng kama sa isa sa mga bakanteng silid sa barracks.

“Wala ’yun, ’nukaba?” sagot niya. “Sinabi ko naman na sa ’yo, di ba? Na dito ka na tumuloy hanggang sa Linggo.”

Maliligo na sana si Iking bago niya simulan ang shift niya nang magradyo si Peralta mula sa gate para sabihin na naroon nga si Wish. Iniwan niya ang takure ng hot water at tuwalya niya sa kusina ng barracks saka sinundo ang lalaki sa gate.

Pinagmasdan niya si Wish. Mukhang patulog na ito bago nito naisip na tanggapin ang alok ni Iking na lumipat na lang sa *Mansion*. Nakasuot ito ng sweatpants, puting T-shirt sa ilalim ng jacket, at tsinelas. Basa pa ang buhok nito at mukhang halos kagagaling lang sa shower. Namumutla rin ito at parang uminom ng tatlong tasa ng black coffee bago dumating dahil nanginginig ang mga kamay nito.

Agad niyang kinuha ang dala nitong mga bag at iginiya ito paakyat sa barracks. Hindi

ito masyadong nagsalita. Nanghingi lang ng pasensya at nangulit kung okay lang ba talaga na doon ito tumuloy.

"Ano'ng nangyari?" tanong ni Iking.

Nagkuyom ng kamao si Wish at iginala ang paningin sa silid. Walang naka-assign doon ngayon kaya wala iyong laman bukod sa dalawang bunk beds at dalawang mesa at upuan.

"Paano mo nasabing may nangyari?" balik ng kausap.

"Dumating ka dito na mukhang nakakita ng multo, eh."

"Naulit 'yung nangyari dito kanina, 'yung nakita ko... n'ung naging ako si Aling Judith." Nagsimula na namang manginig ang mga kamay nito. Itinago nito ang mga iyon sa manggas ng jacket.

Parang kinurot ang puso ni Iking. Wish looked haunted.

"Tell me everything."

Ikinuwento nito kung paano ito nagsusulat ng journal entry nang mapuna nitong nawala ang tunog mula sa TV. Kinilabutan siya nang ilarawan nito ang mga sumunod na pangyayari, at nang muli nitong iangat ang mga braso para ipakita sa kanya ang mga marka sa mga pupulsuhan nito, nanindig na

ang mga balahibo ni Iking.

"May I?" paghingi niya ng permiso. At nang iabot sa kanya ni Wish ang isa nitong braso, pinalibutan niya ng kamay ang pupulsuhan nito. Hindi man eksakto sa mga daliri niya, hindi maikakaila na mga daliri ang gumawa ng marka na iyon. Inangat niya ang paningin kay Wish. "Masakit pa ba?"

Umiling ang kaharap.

Tumango siya at binitawan ang pupulsuhan nito. "Nangyari na 'to dati sa kakilala ko. Okay lang bang banggitin ko 'to sa kanila? Baka makatulong sila."

"Hindi ba nila iisipin na baliw tayong dalawa kung ikuwento natin 'to?"

Napangiti si Iking. "Hindi, sigurado ako." Sinulyapan niya ang suot niyang relo. "Kailangan ko nang bumaba. Okay ka lang ba dito mag-isa? Sandali lang naman. Aakyat na rin naman agad si Peralta."

"Okay lang naman ako," anito. Hindi alam ni Iking kung imahinasyon lang niya o ano pero parang may pag-aalangan sa tono nito. Eh buti na iyong sigurado.

"Sandali lang." Kinuha niya ang telepono mula sa bulsa at tinawagan si Peralta sa gate para sabihin na umakyat na pagdating na pagdating ni Tan. Saka na siya bababa kapag

nakaakyat na ito ng barracks para hindi maiwan si Wish na mag-isa.

"Wokey!" ani Peralta. "Nandito na si Tan kaya akyat na ako."

"Copy, copy. Salamat."

"Hindi naman kailangan," sambit ni Wish pero nakangiti naman.

Ngumiti na rin si Iking. "Okay lang 'yun. Saka duwag din naman 'yang si Peralta. Mas gusto niyan na may kasama dito sa barracks."

Tumawa na si Wish. "Ano ba 'yan? Akala ko ba matatapang ang mga sundalo ng *AFP*?"

"Sus, matapang kami sa bala. Pero paano mo naman babarilin ang multo, sige nga?"

Muling tumawa ang kaharap. "Sige na nga."

Hinihingal si Peralta nang dumating sa barracks. Nag-alala pa si Wish kung may nangyari ba, pero sabi ni Iking, ganoon daw talaga ang lalaki kapag mag-isa lang na babalik ng barracks kasi tumatakbo ito.

Nagpaalam si Iking sa kanya at sinabing babalik ito sa barracks nang maaga kinabukasan, at huwag daw siyang mag-alala tungkol sa almusal dahil ang mga ito na ang bahala doon. Nang umalis ito, nagpaalam

na rin siya kay Peralta na babalik na sa silid niya. Sinabi lang ng sundalo kung nasaan ang silid nito at katukin lang daw ito kung may kailangan siya. Nagpasalamat siya at iniwan na ito sa kusina.

Naupo siya sa kama at muling inilibot ang paningin sa ilang araw niyang magiging silid. Malinis iyon at walang dekorasyon. Malamig din doon kahit pa sarado ang mga bintana. Inabot niya ang kumot na pinahiram ni Iking sa kanya. Ibinalot muna niya iyon sa mga balikat niya bago siya umusog para sumandal sa pader. Kinuha niya ang kanyang tablet at binuksan ang journal app niya. Minabuti niyang i-record muna ang nangyari bago pa niya iyon malimutan, pagkatapos ay muling nag-flash sa isip niya ang mukha ng lalaking humawak sa ulo niya para itulak ang mukha niya sa unan. Kung marunong lang sana siyang mag-drawing. Hindi niya kilala ang lalaki pero malamang ay hindi na niya malilimutan ang mukha nito. Lagi na niya iyong makikita sa mga bangungot niya.

Sandali…

Kilala ito ni Lolo Alfred, hindi ba? Naging kaibigan ito ng kanyang abuelo. Wala kayang naitagong picture nito ang lolo niya? Kung may picture ito, madali na lang malaman

ang pangalan nito. Wala naman nang sikreto ngayon sa panahon ng social media.

Kung bakit ba kasi walang *Facebook* ang lolo niya. On second thought, kung sangkot sa krimen ang mga kaibigan mo, gusto mo ba talagang nasa friends list mo sila?

Gayunpaman, nagkaideya si Wish.

Walang WiFi sa barracks—hindi rin siguro kasama sa budget ng *AFP*—kaya data ang ginamit niya para mag-log in sa sarili niyang *Facebook* account. Naalala niyang shinare ng page ng college batchmates ng lolo niya ang post niya tungkol sa pagkamatay nito. Hinanap niya ang account na iyon at inisa-isa ang mga profile ng mga nag-like sa page.

It was a long shot pero malay ba niya. Hindi naman siya busy. Pero iyon na nga lang din. Ano ba ang gagawin niya kung sakaling makita nga niya ang lalaki? Hindi naman siya puwedeng tumakbo sa pulis. Ano ang sasabihin niya? *Isa po ito sa mga perpetrator sa isang rape-slay case forty years ago! Ano po'ng ebidensya ko? Minulto po ako ng biktima nila at ipinakita siya sa 'kin. Source: trust me, bro!*

Napailing si Wish at nag-click out sa isa na namang profile bago niya nakita ang profile picture ng account na iyon. Isang babae at

isang lalaki ang nasa larawan, magkatabi sila at may background ng mga puno at bundok. Nag-click siya sa profile.

Anita Villegas Suarez. Married to Lito Suarez.

Nanginginig ang kamay, nag-click siya sa link patungo sa profile ni Mang Lito. At naroon sa profile picture nito, forty years older, ang mukha sa bangungot ni Wish.

Nabitawan niya ang tablet at napalundag siya patayo mula sa kama nang biglang umihip ang malakas na hangin at humampas ang kung ano sa mga bintana ng silid niya. At sa isip niya, narinig niyang parang alingawngaw ng alaala ang galit na sigaw ng isang babae.